

Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Silangang Mindoro  
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-28 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 26 HULYO 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG BARANGAY BAGUMBAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.

- Tagapangulo

Konsehal Jesus S. Dela Cruz

Konsehal Cesar T. Baticos

Konsehal Ramil O. Dimapilis

Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.

Konsehal Eduardo K. Soriano

Konsehal Juan S. Advincula

Konsehal Angeles D. Bautista

Konsehal Mae Arlene M. Talens

Konsehal Eduardo G. Villamin

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Konsehal Randy P. Valencia

- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Wala

KAPASYAHAN BLG. 065

Taong 1999

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY G. ANTONIO BERNAL, JR. AT EX-KONSEHAL RANULFO C. BERNAL, SA MGA KAPATID AT MGA KAAKAPANG SA PAGPANAW NG KANILANG INA, GNG. AMPARO CONTRERAS BERNAL.

SAPAGKA'T

sa kulturang Pilipino, ang pamilya ay simbolo ng pagkakaisa at pagdaramayan ng lahat ng bumubuo nito, sa kasaganaan man o sa kahirapan;

SAPAGKA'T

sa kaisipang ito, ang pagpanaw ng isang miyembro ng pamilya, lalo pa't ng isang magulang ay lubhang dinaramdam at ikinalulungkot ng mga kaanak nito;

SAPAGKA'T

ang minamahal na ina nina G. Antonio Bernal, Jr., isang empleyado ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro at ng naging konsehal ng bayan Ranulfo C. Bernal ay pumanaw na upang humarap sa Lumikha at bagama't ito ay lubos na ikinalulungkot, ang tanging nakapagbibigay-lugod ay ang mga alaalang naiwan ng isang mapagmahal, mapag-aruga at mapagkandiling ina;

SAPAGKA'T

ang Sangguniang Bayang ito at ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay kina G. Antonio Bernal, Jr. at Ex-Konsehal Ranulfo C. Bernal at sa kanilang mga kapatid at mga kaanak sa pagpanaw ng kanilang mahal na ina, Gng. Amparo Contreras Bernal.

DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahi ng lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayang ito -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kina G. Antonio Bernal, Jr. at Ex-konsehal Ranulfo C. Bernal at sa kanilang mga kapatid at mga kaanak ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayang ito sa pagpanaw ng kanilang ina, Gng. Amparo Contreras Bernal.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kina G. Antonio Bernal, Jr. at Ex-Konsehal Ranulfo C. Bernal at mga kapatid at kaanak nito, lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat. 26 Hulyo 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:

  
VIOLETA P. FUENTES  
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

  
GONZALO C. SINEL, JR.  
Pangalawang Punong Bayan/  
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

  
JESUS M. DIMAPILIS  
Punong Bayan

mercy/